

## Mga Pagpapabakuna para sa mga Taong Sinusuportahan Mo

---

Nakakatulong ang pagpapabakuna (tinatawag ding immunization) sa katawan ng isang tao na madepensahan ang kanyang sarili laban sa sakit. Palalaksin nito ang mga pandepensa ng katawan (tinatawag ding immune system). Inilalayo ng pagpapabakuna para sa isang partikular na sakit ang isang tao mula sa sakit na iyon.

### Paano Gumagana ang Pagpapabakuna?

Kadalasang kasama sa mga pagpapabakuna ang bakterya (kaunting bahagi ng isang sakit). Halimbawa, ang bakuna sa trangkaso ay naglalaman ng kaunting mikrobyo ng trangkaso. May sapat na mikrobyo ang bakuna na kayang labanan ng katawan ng tao. Sa susunod na mahantad ang taong ito sa sakit na iyon, maaalala ng kanilang katawan kung paano sila mapapanatiling malusog. May ilang bakuna na nagtatagal sa buong buhay ng isang tao, pero ang iba ay kailangang ibigay kada ilang taon o taon-taon tulad ng bakuna sa trangkaso.

### Alin sa mga Bakuna ang Dapat Tiyaking Makukuha ng mga Tao?

Sa ngayon, inirerekumenda ng mga doktor na dapat mabakunahan ang lahat ng tao para mga sumusunod na sakit:

- Diphtheria, tetanus, at pertussis
- Tigdas, baiki, rubella
- Hepatitis B
- Meningitis
- Human papillomavirus (HPV); para sa kababaihang medyo bata at batang babae)
- Chickenpox (kung hindi ka pa nagkaroon ng sakit na ito)
- Polio
- Shingles

### Pagpapabakuna sa Trangkaso

Inirerekumenda rin ng mga doktor na lahat ng ang edad ay 6 na buwan pataas ay dapat magpapabakuna para sa trangkaso **tuwing palit ng panahon**. Nangyayari ang trangkaso tuwing taglagas at taglamig pero ang pinakarurok ay Disyembre at Pebrero.

### Sino ang HINDI Dapat Mabakunahan ng mga Bakunang ito?

Dahil sa edad, mga kondisyon sa kalusugan, o iba pang salik, may ilang taong HINDI dapat makatanggap ng ilang partikular na bakuna o dapat maghintay bago sila tumanggap nito. Dapat na **LAGING** komunsulta ang mga Direct Support Professional sa doktor ng indibidwal at magbigay ng medikal na kasaysayan ng indibidwal.

## Kailan Dapat Magpabakuna ang mga Tao?

Inirekumenda ng Centers for Disease Control and Prevention ang [child and adolescent immunization schedule](#) at ang [adult immunization schedule](#) na puwede mong i-print.

## Higit pa Tungkol sa mga Bakuna

- [Vaccines and Immunizations](#): The Centers for Disease Control and Prevention
- [Vaccine Safety](#): The Public Health Agency of Canada